{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nagdasal siya noon, ay nagbubuka sa pagitan ng mga bisig niya [sa sandali ng pagpapatirapa] hanggang sa lumitaw ang kaputian ng mga kilikili niya.}

Ayon kay `Abdullāh bin Mālik bin Buḥaynah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nagdasal siya noon, ay nagbubuka sa pagitan ng mga bisig niya [sa sandali ng pagpapatirapa] hanggang sa lumitaw ang kaputian ng mga kilikili niya.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nagpatirapa siya, ay nagbubuka sa pagitan ng mga bisig niya sa sandali ng pagpapatirapa kaya nagpapahiwalay siya ng bawat bisig palayo sa tagiliran na katabi nito, tulad ng mga pakpak, hanggang sa lumitaw ang kulay ng balat ng mga kilikili niya. Ito ay bahagi ng pagpapalabis sa pagpapahiwalay ng mga bisig at pagpapalayo sa mga ito buhat sa mga tagiliran.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3220